



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang Quran:

Ang Hindi Nabagong
Salita ng Diyos



Ang Quran:

Ang Hindi Nabagong Salita ng Diyos

Ang Quran ay ang banal na aklat na binibigkas ng mga Muslim at kanilang pinagbabalikan para sa patnubay sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay. Ang mga talata nito ay nanatiling buo at hindi nabago mula nang ito ay unang pinahayag ng Diyos noong ika-7 siglo.

Ipinaliliwanag ng polyetong ito ang banal na pinagmulan ng Quran sa pamamagitan ng pagtalakay sa pangangalaga nito, pagiging tunay, at mga himala. Tinutukoy rin nito ang mensahe ng Quran na may pandaigdigang kabuluhan at nananatiling mahalaga sa lahat ng panahon.

Ang Quran ang huling kapahayagan sa isang serye ng mga banal na rebelasyon mula sa Diyos (Allah sa wikang Arabe). Binubuo ito ng tuwiran at hindi nabagong mga salita ng Diyos, na ipinahayag sa pamamagitan ng Anghel Gabriel kay Muhammad ﷺ, ang huling propeta ng Islam, mahigit 1400 taon na ang nakalipas.





Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino



Islam: Ang Huling Rebelasyon Mula sa Diyos

Ang Islam ay pagpapatuloy ng mensaheng tinanggap ng mga naunang propeta, tulad nina Noah, Abraham, David, Moses, at Jesus, sumakanila nawa ang kapayapaan. Kaya naman, pinananatili ng Quran ang dalisay na mga aral ng mga naunang rebelasyon, kabilang ang Torah at Ebanghelyo. Inilalarawan ng Quran na itinuro ng lahat ng propeta sa mga tao ang paniniwala sa Nag-iisang Diyos, ang Manlilikha. Inutusan din ng mga sugo ang mga tao na gugulin ang kanilang buhay nang may kamalayan sa Diyos, paggawa ng mabuti, at pag-iwas sa mga kasalanan. Higit pa rito, binalaan nila ang kanilang kapwa tao tungkol sa pananagutan sa kabilang-buhay, isang paksang paulit-ulit na binibigyang-diin ng Quran.

Mula nang ito ay ipinahayag, ang Quran (na binabaybay din bilang "Koran") ay nanatiling napangalagaan sa eksakto at orihinal nitong teksto. Bagama't maraming salin ng Quran ang umiiral, lahat ng ito ay nakabatay sa iisang orihinal na tekstong Arabe, na nagbibigay sa Quran ng natatanging katangian kumpara sa mga naunang kasulatan dahil sa ganap nitong pagiging tunay.



Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino




Mensahe ng Quran

Ang natatanging pamamaraan ng Quran ay ang pagsasama ng espirituwal na mensahe nito sa mga praktikal na tagubilin na naglalayong mapabuti ang kapakanan ng mga indibidwal, lipunan, at ng kapaligirang ating ginagalawan.

Ang mensahe ng Quran ay walang hanggan at para sa lahat ng tao, lumalampas sa mga pagkakaiba sa lahi, kulay, etnisidad, at nasyonalidad. Nagbibigay ito ng patnubay sa bawat aspeto ng buhay ng tao—mula sa ekonomiya at etika ng kalakalan hanggang sa pag-aasawa, diborsyo, pagpapalaki ng mga anak, mga usaping pangkasarian, at mana.

Ang paniniwala sa Nag-iisang Diyos ay isang pangunahing tema ng Quran, na nagpapatunay na ang Diyos ay Isa at walang katambal. Sa isang maikli ngunit makahulugang kabanata ng Quran, ipinag-uutos ng Diyos:

“Sabihin mo: Siya ang Allah, ang Nag-iisa. Ang Allah, ang Walang Hanggang Sandigan. Hindi Siya nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak. At walang sinuman ang maihahambing sa Kanya.” (112:1-4)





Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino



Ang Quran: Isang Aklat ng Patnubay para sa Kaluluwa

Isa sa mga pangunahing mensahe ng Quran ay ang pagbibigay-diin nito sa matuwid na pag-uugali na nakabatay sa matatag na pananampalataya at pagmamahal sa Diyos. Kinikilala ng Quran ang mga pagnanasa ng tao habang pinapaalalahanan ang bawat isa na linangin ang kanilang kaluluwa. Bukod dito, hinihikayat ng Diyos ang mga tao na gamitin ang kanilang isipan at pagnilayan ang mundong nakapaligid sa kanila. Hinihikayat ng Quran ang sangkatauhan na kilalanin ang mga palatandaan ng pag-iral ng Diyos sa napakatumpak na kaayusan ng sansinukob at sa maingat na paglalagay ng bawat bagay sa kabuuang disenyo ng paglikha.

Gaya ng ipinahayag ni Cat Stevens (Yusuf Islam), dating British pop star:

"Ang lahat ay naging napakalinaw at may katuturan. Ito ang kagandahan ng Quran; hinihikayat ka nitong magnilay at mangatwiran...

Habang lalo kong binabasa ang Quran, tinalakay nito ang panalangin, kabutihan, at pagkakawanggawa. Hindi pa ako Muslim noon, ngunit naramdaman ko na ang tanging sagot para sa akin ay ang Quran at ipinadala ito sa akin ng Diyos."




Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino



Pagpapanatili ng Quran

Naniniwala ang mga Muslim na nagpadala ang Diyos ng maraming kapahayagan sa sangkatauhan sa buong kasaysayan, at sa paglipas ng panahon, ang mga ito ay sumailalim sa mga pagbabago mula sa kanilang orihinal na anyo. Gayunpaman, pinili ng Diyos na pangalagaan ang Kanyang mensahe sa sangkatauhan sa Kanyang huling rebelasyon, ang Quran. Ngunit maaaring itanong ng ilan: anong ebidensya ang sumusuporta sa pahayag na ang Quran ay hindi kailanman nabago?

Paano Napangalagaan ang Quran sa Loob ng 1400 Taon
Ang Quran ay ipinahayag kay Propeta Muhammad ﷺ sa loob ng dalawampu't tatlong taon. Ang natatanging ritmiko nitong estilo ay nagpadali sa pagsasaulo nito, na siyang naging pangunahing dahilan ng pagpapanatili nito. Higit pa rito, dahil hindi marunong bumasa at sumulat si Propeta Muhammad ﷺ, nagtalaga siya ng mga tagasulat upang isulat ang Quran habang ito ay ipinapahayag sa kanya. Dahil dito, ang buong Quran ay hindi lamang naisapuso ni Propeta Muhammad ﷺ at ng marami niyang mga kasamahan, kundi umiiral din ito nang buo sa nakasulat na anyo habang siya ay nabubuhay pa.





Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino



Sa loob ng isang taon matapos ang pagpanaw ni Propeta Muhammad ﷺ, isang manuskrito ng buong Quran ang binuo ng isang komiteng pinamunuan ng kanyang pangunahing tagasulat. Sinunod nila ang mahigpit na pamantayan upang maiwasan ang anumang pagkakamali. Ang kopyang ito ay nagkamit ng nagkakaisang pagsang-ayon ng mga kasamahan ni Propeta Muhammad ﷺ, kabilang ang daan-daang taong nagsaulo ng buong Quran. Kalaunan, ilang kopya ng Quran ang pinagsama sa anyong aklat at ipinamahagi sa mga pangunahing lungsod ng mga Muslim. Isa sa mga kopyang ito ay kasalukuyang nasa museo sa Tashkent, at ang isang reproduksiyon nito na inilimbag noong 1905 ay makikita sa Aklatan ng Columbia University.

Ang Quran: Isang Aklat na Hindi Naluluma

Ang proseso ng pagsasaulo ay nagsimula pa noong panahon ni Propeta Muhammad ﷺ at patuloy na binibigyang-diin ng mga Muslim hanggang sa kasalukuyan. Sa kanyang aklat na *An Introduction to Hadith*, ipinaliwanag ni John Burton na ang pasalitang pagpapasa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod ay nakatutulong sa pagpapanatili ng teksto dahil hindi lamang ito umaasa sa mga nakasulat na talaan.



Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino



Ang mga manuskritong hindi napangangalagaan sa pamamagitan ng pagsasaulo ay maaaring mabago, maedit, o mawala sa paglipas ng panahon. Ngunit ang isang aklat na isinapuso ng milyun-milyong tao sa buong mundo sa loob ng maramingsiglo ay hindi maaaring mabago dahil napakaraming taong nakakakilala rito nang salita-sa-salita.

Nangako ang Diyos sa Quran:

“Katotohanang Kami ang nagpababa ng Paalaala, at walang alinlangang Kami ang mangangalaga rito (mula sa katiwalian).” (15:9)

Pagiging Tunay ng Quran

Maraming tao ang nagkakamaling maniwala na si Propeta Muhammad ﷺ ang sumulat ng Quran. Sa katunayan, ang Quran ay ang napangalagaang pananalita ng Diyos. Kasabay nito, maaaring itanong ng ilan: anong mga katibayan ang nagpapakita na ang Quran ay Salita ng Diyos at hindi isinulat ni Propeta Muhammad ﷺ?

Sa Quran, sinabi ng Diyos kay Propeta Muhammad ﷺ:

“Hindi ka kailanman bumigkas ng anumang Kasulatan bago Namin ito ipinahayag sa iyo, at hindi ka rin kailanman nagsulat ng anuman gamit ang iyong kamay.” (29:48)

Sa madaling salita, si Propeta Muhammad ﷺ, na kilala bilang hindi marunong bumasa at sumulat, ay hindi nagbasa ng anumang naunang kasulatan at hindi rin niya isinulat ang Quran.



Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino



Si Propeta Muhammad ﷺ ay lubhang iginagalang sa kanyang lipunan dahil sa kanyang marangal na pag-uugali at natatanging asal, dahilan upang tawagin siyang "Ang Tapat." Kahit matapos siyang maging propeta, handa ang mga pinuno ng Makkah na gawin siyang kanilang lider, basta't pahihintulutan niya silang ipagpatuloy ang kanilang pamumuhay na sumasamba sa mga diyus-diyosan

Gayunpaman, handa niyang talikuran ang lahat ng makamundong karangalan upang tuparin ang kanyang misyon. Bilang resulta, matiyaga niyang tiniis ang pag-uusig at pagpapatapon bago tuluyang magtagumpay sa pagbabago ng buong Tangway ng Arabia.

Ang Quran: Isang Aklat ng Tugma, Halagang Pampanitikan, at Karunungan

Sa buong panahong iyon, patuloy na ipinahayag ng Diyos ang Quran sa kanya nang paunti-unti. Paminsan-minsan, pansamantalang humihinto ang mga kapahayagan upang ipaalala sa kanya at sa iba na wala siyang kontrol sa mga ito. Minsan, nang magtanong sa kanya ang dalawang sugo, sumagot siya, "Sasabihin ko sa inyo bukas." Inaasahan niyang ihahayag ng Diyos sa kanya ang mga sagot sa pamamagitan ng rebelasyon at hinintay niya ang Anghel Gabriel. Gayunpaman, walang rebelasyong dumating sa mga sumunod na linggo kahit na kinukutya siya ng mga taga-Makkah. Sa wakas, ipinadala ng Diyos sa kanya ang kasagutan habang pinapayuhan siya:

"Huwag mong sabihin tungkol sa anumang bagay,
'Gagawin ko iyan bukas,' nang hindi idinadagdag,
'Kung lolobin ng Diyos.'"
(Quran, 18:23-24)



Pag-aaralan Para sa mga Pilipino



Ang Quran ay ipinahayag sa panahong ang mga Arabe ay tanyag sa husay sa pasalitang pagtula. Gayunpaman, sa kabila ng kanyang katalinuhan, si Propeta Muhammad ﷺ ay hindi bihasa sa paglikha ng tula. Ngunit nang bigkasin ang mga talata ng Quran, namangha maging ang pinakatanyag na mga makata sa lipunan. Dahil sa malalim na pagkamangha sa ritmikong himig, kahusayang pampanitikan, at malalim na karunungan ng Quran, marami ang yumakap sa Islam. Sa katunayan, ang agham ng balarilang Arabe ay nabuo matapos maipahayag ang Quran, at ang Quran mismo ang naging batayan sa pagbuo ng mga tuntunin nito. Maraming himala ang matatagpuan sa Quran na nagpapatunay na ito ay tunay na isang banal na kasulatan.


Mga Himala ng Quran

Binabanggit ng Quran ang mga pangyayaring hindi pa nalalaman noong panahong iyon. Sa katunayan, marami sa mga ito ang natuklasan lamang kamakailan ng makabagong agham. Halimbawa, inilalarawan ng Diyos ang mga yugto ng pag-unlad ng tao sa sinapupunan:

“Nilikha Namin ang tao mula sa katas ng putik. Pagkatapos ay inilagay Namin siya bilang isang patak ng likido sa isang ligtas na lugar. Pagkatapos ay ginawa Namin ang patak na iyon bilang isang bagay na nakakapit. Pagkatapos ay ginawa Namin itong isang piraso ng laman. Pagkatapos ay ginawa Namin ang pirasong iyon bilang mga buto. At binalutan Namin ang mga buto ng laman.

Pagkatapos ay ginawa Namin siya sa iba pang mga anyo. Kaya luwalhati sa Diyos, ang Pinakamahusay sa mga Lumilikha!”

(Quran, 23:12-14)





Pag-aaralan Para sa mga Pilipino



Binabanggit ng Quran ang mga pangyayaring hindi pa nalalaman noong panahong iyon. Sa katunayan, marami sa mga ito ang natuklasan lamang kamakailan ng makabagong agham. Halimbawa, inilalarawan ng Diyos ang mga yugto ng pag-unlad ng tao sa sinapupunan:

“Nilikha Namin ang tao mula sa katas ng putik. Pagkatapos ay inilagay Namin siya bilang isang patak ng likido sa isang ligtas na lugar. Pagkatapos ay ginawa Namin ang patak na iyon bilang isang bagay na nakakapit. Pagkatapos ay ginawa Namin itong isang piraso ng laman. Pagkatapos ay ginawa Namin ang pirasong iyon bilang mga buto. At binalutan Namin ang mga buto ng laman. Pagkatapos ay ginawa Namin siya sa iba pang mga anyo. Kaya luwalhati sa Diyos, ang Pinakamahusay sa mga Lumilikha!”
(Quran, 23:12-14)

Si Propesor Keith Moore, isang kilalang siyentista sa anatomiya at embriyolohiya mula sa University of Toronto sa Canada, ay nagsabi:

“Isang malaking karangalan para sa akin ang makatulong sa pagpapaliwanag ng mga pahayag sa Quran tungkol sa pag-unlad ng tao. Maliwanag para sa akin na ang mga pahayag na ito ay dapat nagmula kay Muhammad mula sa Diyos ... sapagkat halos lahat ng kaalamang ito ay hindi natuklasan hanggang sa maraming siglo ang lumipas.”



Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino



Ang Kaalaman ng Quran Tungkol sa Sansinukob: Malayong Nauna sa Panahon Nito

Inilalarawan din ng Quran ang paglawak ng sansinukob:


“At Kami ang nagtayo ng sansinukob sa pamamagitan ng Aming kapangyarihan, at tunay na Kami ay patuloy na nagpapalawak nito.” (51:47)

Noon lamang taong 1925, nang magbigay si Edwin Hubble ng ebidensya tungkol sa paglayo ng mga galaksiya, na tinanggap ng agham ang katotohanan na ang sansinukob ay lumalawak. Ipinaliwanag ni Propesor Alfred Kroner, isang kilalang heolohista sa buong mundo:

“Kapag iniisip ko ang marami sa mga tanong na ito at iniisip kung saan nagmula si Muhammad, na isa lamang Bedouin, sa palagay ko ay halos imposibleng nalaman niya ang mga bagay tulad ng iisang pinagmulan ng sansinukob, sapagkat natuklasan lamang ito ng mga siyentista nitong mga nakaraang taon sa pamamagitan ng napakakumplikado at makabagong mga pamamaraan sa teknolohiya.”

Ang Pandaigdigang Mensahe ng Quran

“Ito ang Kasulatan na walang pag-aalinlangan, na naglalaman ng patnubay para sa mga may kamalayan sa Diyos, na naniniwala sa mga hindi nakikita...”
(Quran, 2:2-3)





Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino



Ang mensahe ng Quran ay may kaugnayan sa bawat bansa at bawat panahon—isa pang patunay na ang Quran ay tunay na Salita ng Diyos. Ninais ng Diyos na ang Aklat na ito ay manatiling bukal ng patnubay, inspirasyon, karunungan, at kagalingan para sa buong sangkatauhan, kaya't idinisenyo Niya ang mensahe nito upang lumampas sa mga hangganan ng panahon.

Ang banal na mensahe ng Quran ay naaangkop sa lahat ng aspeto ng buhay at nakahihigit sa mabababaw na pagkakaiba ng mga tao. Ang mga aral nito ay gumagabay sa espirituwal, panlipunan, at intelektuwal na pangangailangan ng sangkatauhan. Hinihikayat tayo nito na alalahanin nang madalas ang Diyos, magpakumbaba sa Kanya, tuparin ang ating mga pangako, makipagtulungan bilang isang pamayanan, at manatiling matiisin at matatag sa panahon ng pagsubok. Itinuturo ng mga kuwento sa Quran ang kahalagahan ng pagtitiwala sa Diyos, pagsasabi ng katotohanan sa harap ng kawalang-katarungan, at pakikitungo sa kapwa tao nang may habag.

Quran: Isang Mensahe ng Pag-asa at Patnubay para sa Isang Magulong Daigdig

Sa isang mundong salat sa pag-ibig at habag, ang pandaigdigang mensahe ng Quran ay nagbibigay ng lunas sa sama-samang kawalan ng pag-asa ng sangkatauhan. Inaanyayahan ka naming buksan ito at tanggapin ang dakilang pakinabang na maiaalok ng aklat na ito. "Ito ay isang pinagpalang Aklat na Aming ipinahayag sa iyo

[Muhammad], upang pagnilayan ng mga tao ang mensahe nito, at upang ang mga may pang-unawa ay makatanggap ng paalaala."
(Quran, 38:29)



Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino



Sa isang mundong salat sa pag-ibig at habag, ang pandaigdigang mensahe ng Quran ay nagbibigay ng lunas sa sama-samang kawalan ng pag-asa ng sangkatauhan. Inaanyayahan ka naming buksan ito at tanggapin ang dakilang pakinabang na maiaalok ng aklat na ito.

“Ito ay isang pinagpalang Aklat na Aming ipinahayag sa iyo [Muhammad], upang pagnilayan ng mga tao ang mensahe nito, at upang ang mga may pang-unawa ay makatanggap ng paalaala.”
(Quran, 38:29)

Paalala:

Ang maliit na titik na “p” na nakalagay pagkatapos ng pangalang Propeta Muhammad (PBUH) ay kumakatawan sa panalanging binibigkas ng mga Muslim kapag binabanggit ang kanyang

pangalan:

“Sumakanya nawa ang kapayapaan at mga pagpapala ng Diyos.”

Kung tunay ang Quran, paano naman ang Bibliya, Torah, at iba pang katulad na banal na kasulatan?
Sinagot ni Imam Shabir Ally.



PHILIPPINES

WWW.filipino.midadedev.com

جمعية طريق الحرير للتواصل الحضاري

مركز دعوة الفلبين

الرياض - حي الريان

جوال +966534114444 الهاتف +966112270607



SA1880000204608015540549 مصرف الراجحي

Pag aanyaya Para sa mga Pilipino